

Pangalagaan ang Iyong Sarili laban sa Pangloloko

Ang pinakamahusay mong proteksyon laban sa pangloloko ay ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman. Narito ang mga ilang paalala na makakatulong sa iyo habang kumukuha ng pagsakop na pangkalusugan sa pamamagitan ng Health Insurance Marketplace sa [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov):

Panatilihing ligtas ang iyong impormasyon sa web.

- Siguraduhin na ang iyong kompyuter ay may mahusay na pangseguridad na software, at ito ay napapanahon. Ang pangseguridad na software ay makakatulong na pangalagaan ang iyong kompyuter laban sa mga virus. Makakakita ka ng libreng pangseguridad na software para sa kompyuter mula sa mga kilalang kompanya. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa staysafeonline.org/stay-safe-online/free-security-check-ups.
- Alisin ang malicious software (minsan tinatawag na “malware”), na kasama na ang mga virus at spyware na naikakabit sa iyong kompyuter, telepono, o aparatong nadadala ng wala kang pagsang-ayon. Ang malware ay maaaring maging dahilan upang ang iyong aparato ay mag-crash at maaaring gamitin upang masubaybayan at pigilin ang iyong mga ginagawa sa online. Ginagamit ng mga kriminal ang malware upang nakawin ang iyong personal na impormasyon, magpadala ng spam, at magsagawa ng pandaraya. Para sa higit na kaalaman kung paano matutuklasan at maaalis ang malware, bumisita sa onguardonline.gov/articles/0011-malware.
- Gumawa ng malakas na mga password.
 - Gumamit ng mahaba, hindi madaling mahulaan na mga password na may magkahalong mga malaki at maliit na mga titik, numero, at mga espesyal na mga karakteristiko.
 - Gumamit ng mga password na hindi nagkakaroon ng mga karaniwang salita o ng iyong personal na impormasyon, gaya ng iyong pangalan o araw ng kaarawan.
 - Huwag gumamit ng magkakatulad na password para sa maramihang mga account, gaya ng iyong Marketplace account at ang iyong email o iba pang mga online na account.
 - Huwag ipamahagi ang iyong mga password sa kaninuman, at itago ang iyong mga password sa isang ligtas na lugar.
- Magtiwala sa iyong katutubong paghihinala. Kung ang isang email ay mukhang kahinahinala, huwag itong buksan o ang alinmang kakabit nito o buksan ang alinmang mga kuneksyon dito.
- Kung ang isang website ay hindi mukhang ligtas, huwag maglagay ng anumang personal na impormasyon. Iilagay lamang ang iyong personal na impormasyon sa mga website na naka-encrypt at ligtas. Ang mga karaniwang tampok na nagpapakita na ang website ay ligtas, gaya ng [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov), ay mga simbolo ng kandado at isang “https” na lokasyon ng web.
- Isara ang iyong browser at idiskunekta sa internet kung ikaw ay malayo sa iyong kompyuter, para hindi makuha ng mga hacker o magnanakaw ang iyong impormasyon.

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang mga paalala tungkol sa seguridad sa kompyuter sa consumer.ftc.gov/topics/computer-security, o bumisita sa onguardonline.gov.

Panatiliing ligtas ang iyong impormasyon sa HealthCare.gov.

Ang pangangalaga sa iyong pribasiya ay lubhang mahalaga para sa Marketplace. Pinapangalagaan namin ang iyong personal na pagkilanlan sa maraming paraan, kasama na ang:

- Hindi kami nangongolekta ng anumang makakakilala sa personal na impormasyon o personally identifiable information (PII) tungkol sa iyo maliban na lamang kung pipiliin mo na ibigay ito sa amin.
- Hindi kami nag-iipon ng impormasyon para sa komersyal na pamimili o anumang kadahilanan na hindi kaugnay sa pag-aaplay o pagpapatala sa pagsakop na pangkalusugan.
- Kailangan naming mapatunayan ang iyong pagkakakilanlan bago ka makagawa ng isang Marketplace account at kumpletihin ang aplikasyon. Magbibigay kami ng mga katanungan na ikaw lamang ang makasasagot, base sa mga account at personal na impormasyon sa iyong ulat ng kredito. Ito ay makakapigil sa mga taong walang pahintulot na gumawa ng mga account o mag-aplay para sa pagsakop na pangkalusugan sa pangalan mo ng wala kang kaalaman.
- Maaari kailanganin namin na magpadala ka ng kasulatan upang mapatunayan ang isang bagay na inilagay mo sa iyong aplikasyon.

Para sa karagdagang impormasyon kung paano namin pinangangalagaan ang iyong pribasiya, basahin ang kabuuang pribadong pahayag sa [HealthCare.gov/privacy](https://www.healthcare.gov/privacy).

Karagdagan sa mga hakbang na ginagawa namin upang pangalagaan ang iyong pribasiya, narito ang ilang mga paalala na maaari mong gawin upang mapanatiling ligtas ang iyong impormasyon sa [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov):

- Bumisita sa tamang website. Kung mag-aaplay para sa pagsakop ng Marketplace, siguruhin na bumisita sa [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov). Maaaring may maraming ibang mga kompanya na maaaring sumubok na lokohin ka at magbigay ng maling paniwala na sila ay may kaugnayan sa Marketplace o sa [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov). Mayroon ring mga website na may kamukha o may katulad na web address (gaya ng .coms, .orgs, and .nets) at gumamit ng mga salitang "healthcare" at "Marketplace," ngunit hindi opisyal, mapagkakatiwalaang mapagkukunan.
- Siguraduhin na kung bibisita ka sa [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov), ang web address ay mababasa na: <https://www.healthcare.gov> at may isang larawan ng kandado. Ang ibig sabihin nito ay ang website ay ligtas.
- Linisin ang iyong mga cookies at cache. Para sa karagdagang impormasyon o kung paano ito gagawin, bumisita sa [HealthCare.gov/help/i-am-having-trouble-logging-in-to-my-marketplace-account](https://www.healthcare.gov/help/i-am-having-trouble-logging-in-to-my-marketplace-account).

Maging maalam.

- Bumisita sa [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov) upang malaman ang mga pangunahing kaalaman.
- Masusing paghambingin ang mga plano ng seguro bago ka gumawa ng iyong desisyon.
- Hanapin ang mga opisyal na mga selyo o mga marka. Kung makakakuha ka ng tulong sa isang tagatulong ng Marketplace, itanong na magpakita ng mga sertipikasyon.
- Dapat mong alamin ang mga petsa ng Marketplace Open Enrollment. Walang makakapagpatala sa iyo kung ito ay tapos na maliban kung ikaw ay may kuwalipikadong pangyayari sa buhay o kung ikaw ay karapat-dapat para sa isang Special Enrollment Period. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita [HealthCare.gov/coverage-outside-open-enrollment](https://www.healthcare.gov/coverage-outside-open-enrollment).
- Dapat mong malaman na ang mga tagatulong ng Marketplace tulad ng Navigators at mga sertipikadong tagapayo sa aplikasyon ay hindi dapat humingi sa iyo ng pera upang tulungan ka na makapagpatala sa isang plano sa Marketplace. Kailangan mong maging mapaghinala sa sinuman na sisingil sa iyo ng isang bayad kaugnay sa iyong pagpapatala.
- Dapat alamin na kung ikaw ay may Medicare, labag sa batas para sa isang tao na pagbilhan ka ng isang plano sa Marketplace.
- Pag-aralan kung paano mo mapapangalagaan ang iyong sarili laban sa mga pangloloko sa buwis. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa [HealthCare.gov/how-can-i-protect-myself-from-tax-scams/](https://www.healthcare.gov/how-can-i-protect-myself-from-tax-scams/).

Protectahan ang iyong personal na impormasyon.

- Walang sinuman na dapat magtanong ng iyong personal na impormasyon na pangkalusugan.
- Panatilihin pribado ang iyong personal at mga numero ng accounts. Huwag ibigay ang iyong Social Security Number (SSN) o kredit kard o impormasyon sa banko sa mga kompanya na hindi mo tinawagan o bilang tugon sa mga hindi hinihinging paanunsiyo. **Pahiwatig:** Kung kukuha ka ng tulong mula sa isang tagatulong sa Marketplace, maaaring mangailangan sila ng ilang personal na impormasyon, tulad ng iyong SSN, upang matulungan kang magpatala.
- Huwag ibigay ang iyong personal na impormasyon sa isang tao na pupunta sa iyong bahay ng wala kang permiso, kahit sabihin nila na sila ay mula sa Marketplace.

Magtanong nga mga katanungan at patunayan ang mga sagot na makukuha mo.

- Ang Marketplace ay may mga sinanay na mga tagatulong sa bawat estado upang matulungan ka ng libre. Bumisita sa LocalHelp.HealthCare.gov, o tumawag sa Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596 upang makakuha ng lokal na tulong sa iyong lugar. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.
- Magtanong ng mga katanungan kung ang alinmang impormasyon ay hindi maliwanag o nakakalito.
- Isulat at gumawa ng isang talaan ng pangalan o mga pangalan ng sinumang tutulong sa iyo, kung sino ang pinagtatrabahuhan nila, at ang numero ng kanilang telepono, lugar ng tirahan, lugar ng koreo, lugar ng email, at website.
- Huwag pumirma sa kanit ano kung hindi mo lubos na nauunawaan.

Maaaring makatanggap ka ng tawag mula sa Marketplace.

Pagkatapos mong mag-aplay, maaari kang makatanggap ng tawag sa telepono mula sa Marketplace na magtatanong na magpatunay o magbigay ng iba pang impormasyon. Kung wala kami ng impormasyon na ito, maaaring hindi namin maipagpatuloy ang iyong aplikasyon. Bumisita sa HealthCare.gov/how-can-i-protect-myself-from-fraud-in-the-health-insurance-marketplace para sa higit na kaalaman.

Iulat ang anumang kahinahinala. Kung naghihinala ka ng pangloloko o paglilinlang, iulat ito sa pamamagitan ng pagtawag sa:

- Ang Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596.
- Iyong lokal, estado, o pederal na ahensiya ng papagpapatupad ng batas
- Iyong State Department of Insurance.

Kung naghihinala ka ng pagnanakaw ng kasarinlan, o kung nararamdaman mo na nakapagbigay ka ng iyong personal na impormasyon sa isang tao na hindi mo dapat nabigyan:

- Tumawag sa iyong lokal na departamento ng polisya.
- Tumawag sa Federal Trade Commission's ID Theft Hotline sa 1-877-438-4338. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-866-653-4261.
- Bumisita sa ftc.gov/idtheft para sa karagdagang kaalaman.

May karapatan ka na makakuha ng impormasyon sa Marketplace sa isang madaling makuhang porma, tulad ng malalaking imprenta, Braille, o mapapakinggan. May karapatan ka rin na maghain ng reklamo kung nararamdaman mo na ikaw ay nadiskriminahan. Bumisita sa CMS.gov/about-cms/agency-information/aboutwebsite/cmsnondiscriminationnotice.html, o tumawag sa Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596 para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.

Binayaran ng Department of Health & Human Services

